Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

ANG Bayan

Espesyal na Isyu
Marso 29, 2015
www.philippinerevolution.org

Pahayag ng PKP sa Ika-46 na Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan
Marso 29, 2015

PAIGTINGIN ANG MGA OPENSIBA SA PAMBANSANG SAKLAW UPANG ISULONG ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN

Mensahe ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga kadre at kasapi ng Partido, sa mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, mga kinatawang bayan ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika at mga pinuno ng iba't ibang rebolusyonaryong pangmasang organisasyon.

Sa masayang okasyon ng Ika-46 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nuong Marso 29, 1969, kami sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ay nagbibigay ng Pulang saludo sa lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido at sa mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB, mga kinatawang bayan ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika at mga pinuno ng iba't ibang rebolusyonaryong pangmasang organisasyon at sa alaala ng lahat ng mga rebolusyonaryong martir at bayani. Binabati namin kayo sa lahat ng mga nakamit ninyong tagumpay sa paglilingkod sa sambayanang Pilipino sa kanilang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa imperyalismong US at sa lokal na mga uring mapagsamantala na malaking kumprador at panginoong maylupa.

Sa paglulunsad ng digmang bayan na siyang pinakamataas na anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka, nagawa ng BHB na maigiit ng mamamayang Pilipino ang kanilang pambansang soberanya, maitatag ang mga lokal na organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa papalawak na saklaw, at mapalakas ang mga organisasyong pangmasa bilang gulugod ng kilusang masa para palaganapin ang rebolusyonaryong kamulatan, ipatupad ang reporma sa lupa, itaas ang produksyon, pahusayin ang kundisyong pangkalusugan, pangibabawan ang mga atake ng kaaway at natural na kalamidad at itaguyod ang rebolusyonaryong kulturang pambayan.

Ginapi ng BHB ang Oplan Bayanihan sa rebolusyonaryong paraan na tinalo nito ang naunang mga kontra-rebolusyonaryong estratehikong planong kampanya mula sa panahon ni Marcos. Nakapagkamit ito ng umaalingawngaw na tagumpay sa pagtataguyod ng programa ng Partido para sa demokratikong rebolusyong bayan, pagsunod sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan, pagsasanib ng armadong pakikibaka sa rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa, at pagpapatupad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa batayan ng patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa.

Masiglang lumalakas at sumusulong ang BHB tungo sa hinahangad na estratehikong pagkapatas. Matingkad na naiiba ang dinidirehe ng US na rehimeng Aquino na lubos na

kahiyahiya dahil sa pagiging papet nito, korapsyon, kawalang kakayahan at brutalitad, at pasuraysuray ito tungo sa kalunos-lunos na katapusan. . Ang rehimeng ito ay isa pang pampasahol at palipas na yugto sa pagbulusok ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema na tiyak na babagsak sa patuloy na lumalakas at patuloy na sumusulong na armadong rebolusyon.

Paborable ang mga kalagayang krisis na pandaigdig at lokal sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino. Ang krisis ng pandaigdig na sistemang kapitalista ay patuloy na lumulubha, pinaiigting ang pagsasamantala at pang-aapi at nagbubunsod ng terorismo ng estado at mga gerang agresyon. Patuloy na naglulunsad ng lahat na anyo ng paglaban ang mga proletaryado at mamamayan ng daigdig. Ang krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas ay patuloy na sumasahol at nagbubunsod ng armado at iba pang mga anyo ng rebolusyonaryong paglaban, at naglalagay sa rebolusyong Pilipino sa unahan ng pandaigdig na proletaryong rebolusyon at anti-imperyalistang mga pakikibaka ng mamamayan ng daigdig.

I. Nagbubunsod ng paglaban ang matagalang krisis at mga gerang imperyalista

Patuloy na ipinapataw ng US ang neoliberal na patakarang pang-ekonomya sa pandaigdig na sistemang kapitalista. Pinaliliit ang kita ng uring anakpawis at maging ng panggitnang uri para palakihin ang tubo ng malaking burgesya. Habang pinasasahol ang mga serbisyong panlipunan at mga panlipunang benipisyo para sa mamamayang nagtatrabaho, tinatamasa ng malaking burgesya ang mas mababang singil sa buwis sa mga kita ng korporasyon at personal at lahat ng pakinabang na nagmumula sa pribatisasyon ng mga pampublikong pag-aari, sa liberalisasyon ng pamumuhunan at kalakalan, sa deregulasyon ng mga panlipunan at pangkapaligirang restriksyon at sa denasyunalisasyon ng mga atrasadong ekonomya.

Naging mas madalas ang paulit-ulit na paglitaw ng krisis ng labis na produksyon at sa mas masahol na digri kaysa dati. Ang paggamit ng kapital sa pinansya, sa partikular ang mabilis na pagpapalawak ng suplay ng salapi at pautang, para pigilan ang krisis sa ekonomya at ang tendensya sa pagbagsak ng tantos ng tubo ay lalo lamang nagpalubha sa krisis. Nalikha ang mga buláng pampinansya at magkakasunod na sumabog na nagbubunga ng lalong masahol na mga krisis sa ekonomya at pinansya. Ang mamamayan ay nasasadlak sa matagalang pandaigdig na krisis at depresyon na kahalintulad ang kalubhaan sa Malaking Depresyon ng 1930s.

Ang mga pinansyal na pansagip ay pangunahing napunta lamang sa mga pamilihang pinansyal, na pinambubundat sa oligarkiya sa pinansya at pinambubusog sa military-industrial complex sa mga imperyalistang bansa. Sa kalahatan, bumagsak o naging tigil ang produksyon at hanapbuhay. Mabilis na lumobo ang mga pag-aari ng malaking burgesya habang ipinatutupad ang mga hakbangin sa pagtitipid *(austerity measures)* sa kapinsalaan ng mamamayang nagtatrabaho sa walang saysay na tangkang pabagalin ang paggastang publiko at pangalagaan ang halaga ng mga ari-arian ng malaking burgesya. Sa daigdig ngayon, makikita ang kawalang pagkakapantay-pantay sa 1 porsyento ng populasyon (na pangunahing nasa mga imperyalistang bansa) na nagmamay-aari sa halos kasinlaki ng nasa 99 porsyento.

Nabubuhay ang daigdig sa utang na pumaimbulog mula USD 57 trilyon noong 2007 hanggang sa kasalukuyang USD 199 trilyon. Nangunguna ang pampublikong utang sa mga imperyalistang bansa, at napakabilis ang pagtaas ng depisit at pinalalaki ang pagkakautang nang lubhang bilis. Lumalala ang krisis sa pampublikong utang habang ang European Union ay sumunod naman sa *quantitative easing* (ang walang patumanggang pag-imprenta ng salapi). Labis nang napakalaki ang bulá ng pampulikong utang at malapit na itong pumutok sa sa ilang imperyalistang bansa. Sa pagputok nito, lalagpasan ng susunod na krisis sa pinansya ang naunang krisis. Wala pang nababanaagan na pagbawi para sa pandaigdig na krisis at depresyon na tumagal na sapul ng *mortgage meltdown* noong 2008. Namumuo ang panibagong mas malaki at mas malalang krisis sa pinansya at ekonomya at inaasahang kukubabaw sa kasalukuyang krisis at depresyon.

Sa US, nangingibabaw ang pagtingin sa hanay ng mga imperyalista na ang produksyon ng high tech na mga sandatang militar at pagbebenta

sa ibang bansa ng naunang mga henerasyon ng armas ang nakatulong nang malaki sa istabilidad ng ekonomya at ang banta na gamitin at aktwal na paggamit ng high tech na mga sandata ay nagpapahintulot sa US na panatilihin ang kanyang dominasyon sa ekonomya at pinansya at mapadali ang akses nito sa pinagkukunan ng murang paggawa at mga hilaw na materyal, pamilihan at mga lugar ng pamumuhunan. Kaugnay nito, pinalalahok ng US ang mga kaalyado niya sa NATO sa paggawa ng mga probokasyon para sa digma sa Silangang Europa. Kinakasapakat din nito ang Japan, Australia at South Korea sa mga probokasyon para sa gera sa Silangang Asia.

Sa mga imperyalistang bansa, lumilikha ang malaking burgesya ng iba't ibang mga reaksyunaryong tunguhin at kilusan para ilihis ang lumalaking panlipunang diskuntento at paglaban ng proletaryado at pagtakpan ang mga kapitalistang ugat ng pang-ekonomya at panlipunang krisis. Pinapaypayan nito ang sobinismo, rasismo, panatisismong relihiyoso *(religious bigotry)*, *Islamophobia*, teroristang pambibitag at isterya para sa gera. Nagiging kumbinyenteng target at sangkalan ng mga kampanyang paninisi ang mga dayong migranteng manggagawa, refugees, mga naghahanap ng asylum at maging ang mga ikalawang henerasyon ng mga migranteng may kulay ang balat para isulong ang pangingibabaw ng kontra-rebolusyonaryo at ultrareaksyunaryong mga partido sa mga eleksyon sa parlamento. Nililikha ng malaking burgesya ang mga reaksyunaryong agos at kilusan para ayudahan ang mga patakarang neoliberal, paghihigpit-ng-sinturon *(austerity)* at panggegera.

Patuloy na itinutulak ng mga pangunahing kasangkapan sa panunupil at panlilinlang sa mga imperyalistang bansa ang neoliberal na linya ng pagsasamantala, ang neokonserbatibong linya ng "full spectrum" na hegemonya sa daigdig sa ika-21 siglo, teroristang pang-estado at mga gerang agresyon sa pagdadahilan ng "gera laban sa terorismo" at humanitarian intervention. Pinasisidhi ng mga krisis sa ekonomya at lipunan ang pagsasamantala at pang-aapi sa proletaryado at mamamayan at itinutulak silang maglunsad ng mga pangmasang protesta at welga. Labis ang reaksyon ng malaking burgesya at ng kanilang mga ahenteng pampulitika at nagpapatupad sila ng higit na reaksyunaryo at mas marahas na mga patakaran at hakbang. Kabilang dito ang tahasang mga pasistang batas at labis na militarisadong mga aksyon ng pulisya laban sa mga sibilyan na sinasangkalan ang paglaban sa terorismo. Sa ilang bansa tulad ng Greece at Spain, lumalakas ang mga kilusang masa at nagbigay daan sa paglitaw ng ilang progresibong partido at koalisyon.

Ang inaaping mga mamamayan at bayan sa mga atrasadong bansa ang pumapasan sa pangunahing bigat ng krisis at depresyon ng pandaigdig na sistemang kapitalista. Patuloy na ipinapasa sa kanila ng mga imperyalistang bansa ang bigat ng krisis para makapiga ng supertubo at panatilihin ang relatibong pagkakasundo sa hanay nila. Sinasamantala nila ang neokolonyal na pangunguyupapa ng mga papet na upisyal, ang saganang murang paggawa, ang mababang halaga ng mga hilaw na materyales at malamanupaktura at ang pagkakabaon sa pagkakautang sa dayuhan ng mga atrasadong bansa. Bilang resulta, nagiging higit na malaganap at masidhi ang kahirapan at ligalig panlipunan.

Sa ilang mga bansa, nagagawa pa ng mga magkakaribal na pulitiko ng mga nagsasamantalang uri na pagsamantalahan at apihin ang mamamayan kahit na mas nagiging marahas sila sa isa't isa. Sa ibang bansa, lumalahok na ang papalaking bilang ng mga manggagawa, magsasaka at ang intelihensya sa mga kilusang protesta at armadong kilusang rebolusyonaryo para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya. Ang pinakamakabuluhan sa mga rebolusyonaryong kilusan ay yaong naglulunsad ng mga digmang bayan na pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, tulad ng sa Pilipinas, India at ibang mga bansa sa Timog Asia.

Ang mga imperyalistang kapangyarihan na pinamumunuan ng US ang nananatiling pinakamalaking banta at agresibo laban sa mga bansa na may mga gubyernong anti-imperyalista at naninindigan para sa mga sosyalistang patakaran at aspirasyon. Mas mabilis silang nagpapakawala ng mga gerang agresyon laban sa mga gubyerno sa mga bansang may mayamang fossil fuel at iba pang estratehikong hilaw na materyal tulad ng

Iraq at Libya o yaong mga bansang itinuturing na humahadlang sa imperyalistang pagpapalawak tulad ng dating Yugoslavia, Afghanistan at Syria.

Ginagamit nila ang Zionistang Israel bilang asong panalakay o attack dog hindi lamang laban sa mga mamamayang Palestino at Arabo kundi laban din sa iba pang mamamayan sa Middle East at Africa. Binabantaan, pinarurusahan at binoblokeyo ang mga bansa tulad ng Iran, Syria, Cuba, Venezuela at ang Democratic People's Republic of Korea. Gayunman, pinakikilos ng mga gubyerno ng mga bansang ito ang sariling panloob na pwersang popular at kanilang relasyong diplomatiko para pahinain at pigilan ang anumang gerang agresyon laban sa kanila.

Pagkaraang gumuho ang Unyon Sobyet at nang mabilis at lubusang walang pagkukunwaring pagyakap sa kapitalismo ng mga naghaharing rebisyunistang pangkatin sa mga taon mula 1989 hanggang 1991, ipinangalandakan ng US ang pagiging nagsosolong superpower at sa iprinoklama nitong ganap at pinal na tagumpay ng kapitalismo sa sosyalismo. Subalit ang pagpasok ng Russia at China sa nangungunang sirkulo ng mga kapitalistang kapangyarihan ay nagpalubha sa krisis ng pandaigdig na sistemang kapitalista at mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista. Dumausdos nang malaki ang pang-ekonomyang kapangyarihan ng US na ibinunga outsourcing ng mga manupakturang pangkonsumo, pagpapalaki ng gastos pangmilitar at pinansiyalisasyon ng ekonomya nito. Ginagamit ng ilang analysts ang di-umano'y purchasing power capacity para ilagay ang China sa unahan nang wala sa panahon sa sukatan ng GDP. Subalit dahil sa malaking populasyon nito, malayong nahuhuli pa ang China sa sukatan ng per capita GDP.

Laging ipinaaalala sa US ng Russia, China at ibang mga bansa na ang mundo ay isa nang multipolar at nawawala nang tuluyan sa ilalim ng unipolar na hegemonya ng US. Sa katunayan, dahil sa unilateralismo ng US at labis na imperyal na pagkabanat nito sa paglulunsad ng matatagal na mga gerang agresyon laban sa Iraq at Afghanistan, sinimulan ng China at Russia ang Shanghai Cooperation Organization para tapatan ang pagiging agresibo ng US nang nag-iisa o kakumbina ng NATO. Aktibo rin sila sa pagpapaunlad ng blokeng pang-ekonomya ng BRICS at pagsisimula ng mga alternatibang istrukturang pampinansya tulad ng BRICS Bank at ng Asian Infrastructure Development Bank upang kontrahin ang pinakamasamang imposisyon sa ekonomya at pinansya ng US na tuwiran o sa pamamagitan ng IMF, World Bank at ng WTO.

Minamasama ng US ang lumalakas na alyansa ng China at Russia. Inilunsad nito ang Trans Pacific Partnership Agreement upang di mapasama ang China at isinagawa nito ang kanyang estratehikong pihit sa Silangang Asia, upang ipresyur ang China at magbunsod ng ilang panloob na mga pagbabago sa dating sosyalistang bansang iyon, tulad ng higit na pribatisasyon ng mga estratehikong empresa na pagaari ng estado at ng higit na paglakas ng burges na pulitika. Sinusulsulan din ng US ang tinaguriang de-kulay na mga rebolusyon sa dating mga republikang Sobyet upang higit na palawakin ang US-NATO at ang pang-ekonomyang dominasyon ng Kanluran sa kanugnog at sa loob ng Russian Federation.

Sa Silangang Asia, ginagatungan ng US ang mga pakikipagtalo ng China sa mga bansa ng Timog-silangang Asia sa South China Sea gayundin sa Japan sa East Sea. Ginagawa niya ito sa tanyadong paraan upang magkaroon ng bentahe sa magkabilang panig ng mga pagtatalo. Sa katunayan, nagpahayag ito ng nyutral na pusisyon sa mga pagtatalo sa South China Sea at hinahayaan ang China na ukupahin ang ilang bilang ng mga maliliit na isla at shoal sa West Philippine Sea at gumagawa ng reklamasyon para magtayo ng mga base militar. Gayunman, kamakailan lang nagduweto ang US at Japan sa pag-anunsyo ng kanilang intensyon na magtayo ng mga base militar sa Pilipinas. Malugod na pinalakpakan ng kalihim ng depensa ng Pilipinas ang insultong ito sa pambansang soberanya at integridad ng teritoryo.

Mas nagiging walang pakundangan ang US sa paggawa ng mga probokasyon laban sa Russia sa Ukraine sa pagpapakana ng paglitaw ng mga pwersang pasista sa kanlurang bahagi ng Ukraine at paggamit sa mga ito para pabagsakin ang inihalal na gubyerno sa pamamagitan ng di-umano'y pag-aalsang Maidan at pagsa-

lakay sa mga etnikong Ruso sa rehiyon ng Donbas o Novorassiya. Bilang tugon, nagdaos ng mga reperenda ang mga etnikong Ruso para itatag ang mga republikang bayan upang ipagtanggol ang sarili. Nagpasya ang mga mamamayan ng Crimea na bumalik sa Russia na dati nang bahagi ang Crimea.

Pinaiigting ng US ang mga probokasyon sa pagpataw ng *sanctions* sa Russia, paggulo sa pang-ekonomyang kooperasyon ng Russia at Germany, pagbibigay sala sa Russia sa pagpapagsak ng Malaysian Airlines MH-17 ng mga pasista sa Ukraine, pagbibigay ng US sa mga pasista ng payong militar at armas, pagmamanipula ng US at Saudi ng suplay at presyo ng langis upang masira ang ekonomya ng Russia, at mga ehersisyong panggera ng mga pwersang militar ng US sa Eastern Europe at mga estado sa Baltic. Marami nang ulit na nang-uupat ang mga imperyalistang US ng mga mayor na gera sa Europe nitong nakaraang panahon tulad ng paglansag sa Yugoslavia sa pamamagitan ng serye ng mga gerang separatista at ang gera sibil sa Georgia at ngayon sa Ukraine. Ang armadong panghihimasok ng US sa labanan sa Yemen sa pagitan ng nagigipit na rehimeng Abd Hadi at ng mga pwersang oposisyon dahil sa gawa-gawang dahilan na pagliligtas sa Amerikanong mamamahayag na tubong Britanya na si Luke Somers mula sa Al Qaeda ay nagpalubha ng labanang sibil at pagdurusa ng mamamayan sa Yemen.

Nag-iisa man o kasama ng mga kaalyado nitong imperyalista, malayong nangunguna ang US sa alinmang ibang pwersa sa daigdig sa pagpapakawala ng terorismo ng estado at mga gerang agresyon. Biniktima nito ang mamamayan na nagbunga ng mga pagkamatay at pagkapinsala ng daan-dang libo, pagiging refugees ng milyon-milyong at pagwasak sa kanilang mga ekonomya at panlipunang imprastruktura gamit ang weapons of mass destruction, laluna ng samut-saring mga tipo ng mga bomba (white phosphorous, uranium-tipped at cluster bombs) na ibinabagsak ng mga eroplano, cruise missiles at drones. Nagbibigay ito ng pagsasanay, kagamitang pandigma, inteligens at payong militar sa mga pasista at ultramakakanang pwersa upang pabagsakin ang mga rehimeng lumalaban at humahadlang sa rehiyunal at geopolitikal na interes ng US tulad ng panunulsol nito sa Arab Spring Uprising sa mga bansa sa North Africa, mga contra wars sa Latin America at mga makakanang armadong opusisyon sa Central Asia, Middle-East, South Asia at South-west Africa.

Nang di sinasadya, inaalerto ng US at ng pinakamasahol nitong mga kaalyado at tuta ang proletaryado sa daigdig at ang malawak na masa ng mamamayan upang labanan ang gerang imperyalista at ibaling ito sa isang rebolusyonaryong gera-sibil para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo. Ang tumitinding mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista ay nagpapaalala sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa na nagiging higit na paborable ang mga kondisyon para sa paglulunsad ng armadong rebolusyon.

Lumalaki ang kahalagahan ng paglakas ng paglaban ng mamamayan at ang panawagan para sa sosyalismo sa mga imperyalistang bansa. Ang paglaganap ng armadong rebolusyonaryong paglaban sa mga di-maunlad na bansa ay tiyak na magkakait sa mga imperyalistang kapangyarihan ng madaling mapagkukunan ng supertubo at sasaid sa lakas ng sobrang-banat na mga mananalakay.

II. Pinalulubha ng rehimeng US-Aquino ang krisis at pinagaalab ang digmang bayan

Ang diktang-US na neoliberal na patakaran sa ekonomya ay lalong pinasahol at pinalalim ang atrasadong agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya ng Pilipinas sa kabila ng nagkikislapang matataas na opisina at gusaling residensiyal sa iilang sentrong urban at ng tuloy-tuloy na pagpasok ng mga imported na kagamitan at produktong pangkonsumo. Ang ilusyon ng ekonomikong paglago noong 2013 at 2014 ay dahil sa pagpasok ng maraming *portfolio investment* sa pamilihang pinansyal ng Pilipinas mula sa US at iba pang dayuhang *hedge funds*. Ang tipong ito ng pampinansiyang pasok (*financial flow)* ay nagkakahalaga ng mahigit 60 porsyento ng kabuuang halaga ng mga pasok. Ang mga remitans ng mga *contract worker* sa ibayong dagat at ang netong kita mula sa eksport ay maliit na bahagi lamang.

Ang kinitang foreign exchange ng mga *call center* at ng di nagbubuwis na mga empresa

para sa eksport sa bahagyang pagmamanupaktura, pagmimina, pagtotroso at mga plantasyon ay hindi signipikanteng nakabawas sa bayad-interes sa naipong dayuhang utang, imported na mga kagamitan at materyal para sa pampubliko at pribadong konstruksyon at lahat ng klase ng produktong pangkonsumo mula sa labas ng bansa, kabilang ang bigas, mais at iba pang produktong pagkain. Ang kabuuang publikong pagkakautang ng Pilipinas ay lumaki sa mahigit Php 5.68 trilyon o USD 135 bilyon kabilang ang panlabas na utang na mahigit USD 72 bilyon sa pagtatapos ng 2013. Patuloy na ipinambabayad ito sa palaki nang palaking mga dipisit ng gubyerno at sa kalakalan at pinanatiling nakalutang ang ekonomya ng Pilipinas sa di sustenableng batayan.

Kaugnay sa pakana ng US na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagkakasangkapan sa rehimeng Aquino, pinalalaki ng malalaking dayuhang bangkong komersyal at *hedge fund* ang pumapasok na pondo sa Pilipinas upang suportahan ang mga pamilihang pinansyal na pamilihan, pondohan ang pampubliko at pribadong konstruksyon at konsumo, palobohin ang taunang paglago ng GDP at palakihin ang kita sa buwis ng gubyerno mula sa dagdag-na-halaga (*value-added*) at di tuwirang mga buwis, sa kabila ng pagtriple ng korapsyon sa koleksyon ng buwis sa mga import at eksport. Sa gayon nagagawa ng manipulado-ng-US na rehimeng Aquino na lumikha ng ilusyon ng kasaganaan at mabuting pamamahala sa loob ng ilang taon. Sa batayan ito, binigyan ng burges na masmidya ng mahigit sa apat na taong honeymoon ang rehimeng Aquino.

Ang pagtaas ng koleksyon sa buwis ay dinisenyo para palakihin ang pondo para sa lahat ng klase ng mga proyekto para sa "kaunlaran" ng mga komunidad at para sa lantarang pamumudmod ng limos na salapi sa malaking bahagi ng ligalig na mga lugar, at kung gayon ay ginagawa lamang para pahinain ang rebolusyonaryong kilusan. Subalit ang mahigit sa Php 1 trilyon ng taunang badyet na mahigit sa Php 2 trilyon ay ibinubulsa ng mga burukratang kapitalista sa pangunguna ng naghaharing pangkating Aquino.

Sa ilalim ng arbitaryong diskresyon ni Aquino ginagamit ang bultong mga pondo (lump sums) ng pananalaping publiko na labag sa rekisitong konstitusyunal ng pag-aprubang kongresyunal at sa ilalim ng nakakahilong mga katawagang tulad ng Disbursement Acceleration Program (DAP), Priority Development Assistance Fund (PDAF), off-budget accounts (OBA) at iba pa. Ninanakaw ito ng mga upisyal ng ehekutibo at lehislatibo sa paggamit ng mga multong benipisyaryo gayundin sa pamamagitan ng tadtad-sa-anomalyang mga kontrata sa konstruksyon at suplay sa mga kumpanyang pag-aari ng mga tagapondo sa kampanya at mga kamag-anakan ng presidente.

Bilang kalakaran, nagsasabwatan ang pinakamatataas na burukrata at mga upisyal-militar sa pagnanakaw mula sa pinalobong pondong nakalaan para sa militar, pulisya at mga ahensya sa paniktik. Ang mga pondo sa Conditional Cash Transfer at PAMANA na nakalaan para palakasin ang saywar at aspetong paniktik ng Oplan Bayanihan sa ilalim ng karatulang "kapayapaan at kaunlaran" at para sirain ang rebolusyonaryong kilusan ay bultuhang ninanakaw ng mga burukratang sibil at mga upisyal-militar na mayhawak sa mga programa.

Nireresiklo ang mga pekeng rebeldeng grupo tulad ng RPA-ABB at CPLA para magamit ng matataas na burukrata at upisyal-militar na konektado sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Proces sa pagnanakaw ng pondong publiko. Maging ang mga pondo at suplay mula sa mga dayuhang donasyon para sa pagsagip, relip at rehabilitasyon ng mga komunidad na winasak ng superbagyong Haiyan at iba pang natural na sakuna ay ninanakaw ng mga upisyal-sibilyan at militar. Sa buong Kabisayaan, kinasusuklaman ng mamamayan ang rehimeng Aquino dahil sa maanomalyang paggamit ng mga pondong nakalaan bilang tulong sa mga biktima ng mga natural na sakuna.

Kasinungalingan ang paghahambog na ang rehimeng Aquino ang responsable na naging bagong tigre sa ekonomya ang Pilipinas. Hindi nito nais na magkaroon ng reporma sa lupa at industriyalisasyon tulad ng sa Taiwan at South Korea sa nakaraan. Ang mga tipo ng kumikitang proyekto na itinatayo ng US at iba pang dayuhang kumpanya kakutsaba ang malalaking kumprador at panginoong maylupa sa Pilipinas ay kinasasangkutan

ng pangangamkam ng malalawak na tipak ng lupain, alinman para pigain ang likas na kayamanan o gamitin para sa turismo at ispekulasyon sa real estate, at itaas ang antas ng pagiging palaasa sa mga konsumong imported na pinopondohan ng dayuhang utang at kita ng masang anakpawis.

Lumaki ang GDP subalit patuloy na dumadausdos ang mga tantos ng empleyo at mga antas ng kita ng masang anakpawis, pumapaimbulog ang presyo ng batayang mga pangangailangan at serbisyo, pasama nang pasama ang panlipunang serbisyo, at patuloy na lumalala at lumalawak ang karalitaan sa kalunsuran at kanayunan. Ang kalagayan ng kawalang-kaunlaran ay pinanatili't pinalulubha. Ang kasamaan ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo ay patuloy na nagpapahirap sa masang Pilipino at higit na nagiging mapagsamantala at mapang-api.

Patuloy na nagiging mataba ang lupa para sa patriyotiko at progresibong kilusang masa at gayundin para sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Ang reaksyon ng rehimeng Aquino sa mga protestang masa at sa digmang bayan ay hindi ang pakinggan ang mga kahilingan para sa pambansang kalayaan at demokrasya at ang pagkakaroon ng pambansang pagkakaisa, kapayapaan at rekonsilyasyon sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan kundi ang buong-kalupitang pagpapakawala ng lahat ng kabangisan ng Oplan Bayanihan sa malawak na saklaw na mga paglabag sa karapatang pantao, pag-ibayo pa ng pangunguyupapa sa imperyalismong US at pagpapanatili sa naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Kabilang sa mga paglabag ng rehimeng Aquino sa karapatang pantao ay pambobomba mula sa himpapawid, panganganyon at pangmomortar, at walang habas na pamamaril ng mga pasistang tropa laban sa mga komunidad, pwersahang ebakwasyon at pagtanggal ng tao ng buu-buong baryo sa mahahabang panahon o para sa layunin na permanenteng pangangamkam ng lupa, ekstra-hudisyal na mga pamamaslang at sapilitang pagkawala, arbitraryong mga pag-aresto, iligal na pagkulong at pagtortyur sa mga tumututol o kahit pinagsuspetsahan lamang, at brutal na mga demolisyon at pagsunog sa mga komunidad ng mga maralita sa kalunsuran para sa pakinabang ng mga kumpanya sa real estate.

Wala ni isang upisyal ng militar o pulisya ang napatawan ng makatarungang parusa ng rehimeng Aquino dahil sa paglabag sa karapatang pantao. Ang akusadong pasista at mamamatay-taong si Heneral Palparan ay binigyan pa ng mahigpit na proteksyon at maluhong tirahan ng militar. Maging ang warlord na pamilyang Ampatuan at mga katulad nila na nagsimulang itayo ang kanilang kapangyarihan sa pulitika sa ilalim ng proteksyon ng rehimeng Aquino I at ngayon ay akusado sa pagmasaker sa 54 sibilyan kabilang ang mga abogado at 32 mamamahayag ay tinatrato nang magaan ng rehimeng Aquino II at hinahayaang patayin, gipitin at suhulan ang mga testigo laban sa kanila.

Sa kabilang banda, patuloy na ikinukulong ng rehimeng Aquino ang daan-daang tao na iligal na dinitine ng rehimeng Arroyo na labag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law at sa doktrinang Hernandez sa mga pampulitikang paglabag gayundin sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees sa kaso ng mga konsultant ng NDFP sa negosasyon sa kapayapaan. Dinoble na nito ang bilang ng mga bilanggong pulitikal, kung kaya't ginawang napakahirap o imposible na ang pagpapatuloy muli ng pormal na pag-uusap sa pagitan ng mga panel ng negosyador ng gubyernong Maynila at ng NDFP.

Walang kinikilalang hanggan ang rehimeng Aquino sa pagkapapet sa imperyalismong US. Lubos na ginagamit nito ang Visiting Forces Agreement upang papasukin ang mga pwersang militar ng US sa tabing ng rotasyon nang may iba't ibang pagdadahilan kabilang ang pinalaking gera sa terorismo, taunang *joint military exercises*, buong taong *inter-operational training*, surbeylans ng bansa, *civic action*, *disaster relief* at marami pang iba. Sa panahon ng panunungkulan ni Aquino, lumaki nang walang katulad ang panghihimasok militar ng US sa sa pagdadahilan na pinangangalagaan ang Pilipinas mula sa posibleng agresyon at panghihimasok ng China at sa konteksto ng estratehikong pihit ng US sa Silangang Asia upang pigilang makapagpalawak ang China.

Lalo pang nagpakababa ang rehimen sa kanyang duwag na pagkapapet, sa walang kahihi-

yang paglabag sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad, sa pakikipagpirmahan nito sa gubyernong US ng kasunduang ehekutibo, ang Enhanced Defense Co-operation Agreement, na nagpapahintulot na magtayo ng mga base militar ng US sa pinakamaraming lugar na pinapayagan ng punong ehekutibo ng Pilipinas, nang di na kailangan pang amyendahan ang Konstitusyong 1987 at kunin ang ratipikasyon ng Senado ng Pilipinas sa kasunduan.

Inaangkin ng Tsina ang 90 porsyento ng South China Sea at sa katunayan inaagaw sa Pilipinas ang 100 porsyento ng kanyang *extended continental shelf* (ECS) at 80 porsyento ng kanyang *exclusive economic zone* (EEZ) sa ilalim ng UN Convention on the Law of the Sea. Pwersahan nitong inokupa ang Bajo de Masinloc (Scarborough Shoal) at gumagawa ngayon ng gawaing reklamasyon para sa pagtatayo ng mga base militar ng China sa anim na magkakaibang lugar ng bahura (reef areas) sa loob ng 200-milyang EEZ ng Pilipinas. Magagamit na ang mga baseng ito sa loob ng kulang sa isang taon mula ngayon. Subalit ang mga gubyerno ng US at Aquino ay hindi man lang nagpapakita ng epektibong opusisyon. Sa katunayan, idineklara ng US taliwas sa nauna nitong pahayag na wala itong papanigan sa sigalot sa South China Sea. Anu't anuman, ang Permanent Court of Arbitration sa The Hague ay inaasahang ianunsyo ang hatol nito sa hablang isinampa ng Pilipinas sa International Tribunal on the Law of the Sea.

Alinsunod sa gumagabay na mga prinsipyo ng Partido hinggil sa internasyunal na relasyon ng malayang mga bansa, tinututulan at nilalabanan ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan ang anumang anyo ng paglapastangan sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas—ito man ay nagmumula sa US, sa China o sa anumang dayuhang kapangyarihan.

Nahihiwalay at sumusuray-suray ang dinidirehe-ng-US na rehimeng Aquino resulta ng labis na pagkapapet sa imperyalistang amo at ng lansakang paglabag nito sa konstitusyunal na pagbabawal ng dayuhang base militar at tropa, ang malakihan at sistematikong korapsyon na lumalabag sa konstitusyunal na kapangyarihan sa pananalapi na nauukol sa Kongreso, ang di na matitiis na ekonomiko at panlipunang pagdurusa ng mamamayan dahil sa pinatinding pandarambong at krisis, at ang malawakang paglabag ng mga pwersang panseguridad sa mga karapatang pantao. Makikilala si Aquino sa kasaysayan sa kanyang lansakan at paulit-ulit na paglabag sa konstitusyong 1987 para paglingkuran ang kontra-rebolusyonaryo at korap na layunin ng sariling pangkatin.

Nahihiwalay at labis na kinamumuhian si Aquino ng lumalaking bilang sa kwerpo ng mga upisyal ng pulisya at militar. Sa udyok ng US, pinahintulutan niya ang operasyon ng pwersang kumando ng pulisya na pasukin ang bayan ng Mamasapano sa lalawigan ng Maguindanao, teritoryong saklaw ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), para patayin ang pinalaki-ang-pangalan na rehiyunal na "terorista" mula Malaysia na kumikilos sa lugar. Subalit umasa siya sa pinagkakatiwalaan pero suspendidong heneral bilang kumander ng proyekto, na labas sa chain of command. Hindi siya nakipagkoordina sa MILF na naging dahilan ng di kinakailangang pagkamatay ng 44 na mga kumandong pulis na nasukol sa Mamasapano at pinigilan ang reinporsment at suportang artileriya ng kalapit na pwersa ng Army. Ang pag-apruba ng kongreso sa Bangsamoro Basic Law at ang kasunduan sa kapayapaan sa pagitan ng gubyerno ng Maynila at ng MILF ay nanganganib ngayon.

Abalang-abala ngayon ang rehimeng Aquino kung paano iaahon ang sarili mula sa lumalakas na agos ng pagkamuhi ng mamamayan at mula sa sariling nitong mga upisyal ng pulisya at militar at lumong-lumo sa pagkabulilyaso ng kanyang kasunduan sa tigil-putukan sa MILF kaya nagmumukhang di mabigyan ng pansin ang negosasyong pangkapayapaan sa NDFP, sa kabila ng pinakahuling pag-abante ng di pormal na mga pag-uusap sa pagitan ng mga ispesyal na tim ng rehimen at NDFP tungo sa muling pagpapatuloy ng pormal na pag-uusap sa Oslo. Sa pagkagulantang ng gubyerno ng Maynila sa kriminal na kawalang-silbi ng sarili nitong punong ehekutibo at kabiguang ilunsad ang pormal na usapan sa kapayapaan sa NDFP, nasa Partido at Bagong Hukbong Bayan ang lahat ng dahilan upang paigtingin ang digmang bayan.

Nagbabangon ang isang malapad na kilusang masa na

naggigiit ng pagbitiw ni Aquino. Binubuo ito ng mga pwersang makabayan at progresibo na matagal nang naggigiit ng pagpapatalsik sa rehimeng Aquino at ng iba pang pwersa at ispontanyong masa na dati-rati'y nais tapusin ni Aquino ang kanyang panunungkulan hanggang 2016. Labis ang galit ng malawak na masa ng sambayanan sa malulubhang krimen ni Aquino at nag-aalala na mas grabe pang mga krimen ang maaari niyang gawin kung tatagal pa sa kapangyarihan. Ang malalaking kumprador at matataas na burukrata na nakinabang nang husto mula sa kanyang rehimen ang pinakamaiingay sa kagustuhang panatilihin siya sa panunungkulan sa dahilan na ang kanyang bise presidente ay korap din at papalapit na ang eleksyon sa 2016.

Napapanatili ni Aquino ang katapatan ng mayorya sa mababang kapulungan ng Kongreso dahil kasabwat sila sa engrandeng korapsyon, sa paglabag sa konstitusyon at iligal na pagpayag nila kay Aquino na mag-imbento ng mga kategorya sa paglalaanan ng mga bultuhang pondo (lump sum appropriations) sa ilalim ng kanyang diskresyon para sa paggastos at pamamahagi sa mahigit 90 porsyento ng mga kongresista at senador. Maging ang mga potensyal na kandidato sa pagka-presidente na maaaring makinabang sa pagdistansya nila kay Aquino ay nangangambang galitin siya dahil sa kanyang pamosong kontrol sa automated electoral system ng Smartmatic-TIM at sa kanyang impluwensya sa malalaking komprador na binigyan niya ng pabor sa mga pampublikong kontrata sa ilalim ng iskemang "public-private partnership", at sa bungkos na mga pribilehiyo sa pinansya at pagbubuwis, at ispesyal na proteksyon mula sa militar at pulisya.

Anuman ang kahinatnan ng malawak na kilusang masa na pupwersa sa pagbibitiw ni Aquino, ang mga patriyotiko at progresibong pwersa at ang mamamayan ay higit na magiging malakas sa pagharap at paglaban sa reaksyunaryong gubyerno ng malalaking komprador at panginoong maylupa at sa pagsisikap na ibagsak ang buong naghaharing sistema. Ang pagpapalakas ng ligal na kilusang masa laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo ay paborable sa pagsulong ng digmang bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

III. Lumalakas ang Bagong Hukbong Bayan at isinusulong ang digmang bayan

Hindi magagapi ang Bagong Hukbong Bayan dahil sumusunod ito sa wastong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ipinatutupad nito ang wastong pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan. Isinasanib nito ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa rebolusyong agraryo bilang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon at sa nagkakaisang prente bilang paraan para itaguyod ang armadong rebolusyon at ang ligal na mga anyo ng pakikibaka. Anu't anuman, pinakikilos ng nagkakaisang prente ang malawak na masa ng mamamayan para ihiwalay, pahinain at durugin ang kaaway.

Isinasanib ng BHB ang armadong pakikibaka sa rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa. Ipinatutupad nito ang minimum na programa ng reporma sa lupa (pagpapababa ng upa, pagpawi sa usura, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapahusay ng presyo sa pinagmumulan ng produkto at pagpapaunlad ng produksyon) at ang maksimum na programa sa reporma sa lupa (pagkumpiska ng lupa sa mga panginoong maylupa at libre't pantay na pamamahagi ng lupa sa mga maralitang magsasaka at mababang panggitnang magsasaka), alinsunod sa yugto ng pag-unlad at mga kongkretong kalagayan. Itinatayo nito ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at ang mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, katutubong mamamayan, kababaihan, kabataan, bata, mga aktibistang pangkultura at iba pa.

Namumuno ang Partido sa loob ng BHB at sa mga lokalidad sa lahat ng uri ng gawain, nang nagbibigay-diin sa antipyudal na nagkakaisang prente sa kanayunan sa konteksto ng anti-imperyalista't antipyudal na pambansang nagkakaisang prente. Laging hinahawakan ng Partido at ng BHB ang linyang masa. Pinaglilingkuran nila ang sambayanan, laluna ang masang anakpawis. Pinupukaw, inoorganisa at pinakikilos nila ang masa para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at interes. Nagtitiwala at sumasalig sila sa masa para matamo ang pambansa at panlipunang kalayaan. Naipagwawagi ang mga rebolusyonar-

yong tagumpay sa digmang bayan sa batayan ng mga pakikibakang masa, wastong pamumuno ng Partido at epektibong sistema ng kumand ng BHB at kahusayan sa paglaban ng mga Pulang kumander at mandirigma.

Kailanman nagkakaroon ng mga pag-atras at pagkabahura, dapat umako ng responsibilidad ang pamunuan ng Partido sa kaukulang antas, tukuyin ang mga kamalian at kahinaan at iwasto ang mga ito. May mga kamaliang mapanghahawakan sa pamamagitan ng pana-panahon at espesyal na mga sesyon ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili at mayroong mas malalalang kamalian na nangangailangan ng mas matagal na panahon at mas malaking atensyon para maiwasto. Mahalagang maisa-alang-alang ang mga kahirapang ipinapataw ng kaaway at ng obhetibong kalagayan ngunit ang mahalaga ay ang mapangibabawan ang mga ito at maisulong ang armadong rebolusyon.

Mula nang nakaraang taon, naobserbahan at ipinroklama natin ang matunog na kabiguan ng Oplan Bayanihan sa pambansang saklaw, laluna sa Mindanao. Patuloy na dumaranas ng pagkatalo sa kamay ng BHB ang reaksyunaryong Amed Forces of the Philippines (AFP), ang Philippine National Police Police (PNP), ang mga pwersang paramilitar at ang pribadong mga *security agency* na sangkot sa kontra-rebolusyon. Nakakumpiska ang BHB ng humigit-kumulang sa 500 matataas na kalibreng baril at nakapagdulot ng higit sa 1,000 kaswalti sa kaaway. Ang BHB sa tatlong rehiyon ng Mindanao—ang NEMR, NCMR at SMR–ay naging katangi-tangi sa pagtupad sa mga rekisito ng digmang bayan at sa paglulunsad ng matatagumpay na opensiba. Sa gayon, sa ilalim ng Oplan Bayanihan ay nagkokonsentra ang kaaway ng mga pwersa nito sa mga rehiyong ito at nagyayabang na kaya niyang gapiin ang BHB sa pambansang antas sa pamamagitan ng paggapi rito sa Silangang Mindanao.

Ang espesyal na atensyon na ibinibigay ng kaaway sa BHB sa Silangang Mindanao ay di sinasadyang pagkilala nito sa maniningning na tagumpay ng Partido, ng BHB at ng National Democratic Front. Namumukod-tangi ang maniningning na tagumpay sa harap ng mga kasunduan sa tigil-putukan na ginawa ng Moro National Liberation Front noong 1996 at sumunod, ng Moro Islamic Liberation Front. Ibinigay sa atin ng mga rebolusyonaryong kasama sa NEMR, NCMR at SMR ang mga tagumpay na dapat magbigay-inspirasyon sa lahat ng iba pang rehiyon na magpaigting ng kanilang mga opensiba at isulong ang digmang bayan sa harap ng papatinding mga atake ng kaaway.

Mahigit sa 35 batalyong pangkombat ng AFP ang idineploy laban sa maraming bilang ng mga larangang gerilya ng NPA sa Mindanao. Tinataya ring nakakonsentra rito ngayon ang 50 hanggang 60 porsyento ng kabuuang lakas pangkombat ng AFP. Kabilang dito ang mga batalyong inilipat mula sa Luzon at Visayas gayundin iyong mula sa mga erya ng MILF sa harap ng nagtatagal na tigil-putukan ng GPH-MILF at naunang mga ekspektasyon na matagumpay na matatapos ang negosasyong pangkapayapaan ng GPH at MILF. Ngunit nalilito ang kaaway ngayon sa mga ibinunga ng malaking kabiguan sa Mamasapano at nagsusumikap na magpakita ng lakas sa mga erya ng mamamayang Moro.

Liban sa mga pwersang pangkombat ng Philippine Army, Navy at Air Force, ipinapakat ng gubyernong Maynila ang mga pwersang pangkombat ng PNP tulad ng idinidirehe-sa-pambansang antas na Special Action Force (SAF) at ang mga panrehiyon at panlalawigang *public security* batalyon, at ang mga pormasyong CAFGU/SCAA at iba't ibang pwersang paramilitar na nasa ilalim ng kontrol ng *army*, ng pulisya, mga lokal na opisyal ng gubyerno at kahit ng malalaking pribadong empresa. Nakadeploy laban sa BHB ang karamihan sa mga pwersang ito. Ginagamit laban sa mamamayan ang iba't ibang anyo ng karahasan at paglabag sa mga karapatang pantao: pambobomba mula sa himpapawid, panganganyon, pangmomortar at pangmamasinggan, masaker, pwersahang pagpapalikas, panghahamlet, pagtortyur, pandurukot, pananakot, maramihang pang-aaresto, pekeng maramihang pagpapasurender, paninira ng mga pananim, pandarambong sa mga bahayan, pagnanakaw ng mga hayop na pantrabaho at okupasyon ng mga paaralan, lugar sa pagsamba, *barangay hall*, mga *rural health clinic* at mga tahanan.

Mas kakaunti ang mga pwersang pangkombat ng kaaway sa Visayas at Luzon kaysa Mindanao. Sa abereyds

ay mayroon lamang anim hanggang walong batalyon para sa bawat rehiyon. Gayunman, gaya sa Mindanao, ipinatutupad ng kaaway ang estratehikong pagharap na *win-hold-win*, *clear-hold-consolidate-develop,* ang konseptong *triad* ng *intelligence, psywar* at *combat,* at ang deployment ng "*territorial battalions*" na nagsasagawa ng mga operasyong "*peace and development*" para kontrolin ang mga baryo sa larangang gerilya o lalawigan, kakombina ng mga *mobile battalion* (na pana-panahong hinahati sa mga kumpanya at platun) para tugisin ang mga pwersang gerilya. Walang kahihiyang ipinangangalandakan ng mga panteritoryong kumand ng AFP gaya ng CENTCOM sa Visayas at ng NOLCOM sa Hilagang Luzon, ang konseptong "*civil society"* ng Oplan Bayanihan, o ang kontrainsurhensyang mobilisasyon ng diumanong mga *stakeholder* ng Oplan Bayanihan*,* kaagapay ng mga operasyong militar.

Sa 46 na taong pagsusulong ng matagalang digmang bayan, nilabanan at binigo ng BHB ang maraming estratehikong "kontrainsurhensyang" kampanya na ipinatupad ng magkakasunod na papet na rehimen sa ilalim ng direksyon at nang may suportang lohistika ng imperyalismong US. Nakapagpanatili at nakapagdagdag pa ito ng lakas sa maraming lugar kahit pa sa ilang panahon ay dumanas ito ng malubhang pinsala sa ilang erya dahil sa mga opensiba ng kaaway at malulubhang kamalian sa pamumunong pampulitika at kumand. Mula noong pagwawasto sa mayor na mga kamalian ng wala-sa-panahong regularisasyon, insureksyunismo at adbenturismo, tumahak na ang BHB sa estratehikong linya ng estratehikong depensa ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa at pagsusulong ng rebolusyong agraryo.

Natutuhan nating biguin ang bawat kampanyang militar at operasyon ng kaaway kada taon. Nakonsolida natin ang ating mga tagumpay at napalawak ang ating hanay.

Naitayo ang mga bagong larangang gerilya at naitaas pa ang antas ng konsolidasyon ng mga larangang gerilya sa pagpapaunlad ng mas maraming baseng gerilya. Sinasaklaw ngayon ng mga baseng gerilya na ang bawat isa ay may abereyds na 7-10 bilang ng baryo ang mas malawak na lugar ng kanayunan. Tuloytuloy na itinatayo at kinokonsolida ang mga mga rebolusyonaryong organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa sa batayang antas habang dumarami ang naitatayo sa antas munisiplaidad. Pinauunlad ang mga kondisyon para sa pagtatatag ng mga pormasyong antas distrito at antas prubinsyal.

Ilang milyong magsasaka na bahagi ng ating baseng masa sa mga rehiyon sa labas ng National Capital Region ang nagbebenipisyo sa matatagumpay na kampanya sa minimum at maksimum na programa sa lupa ng rebolusyon. Nagluwal ang mga ito ng mas malaking bilang ng rekrut para sa BHB, nag-engganyo sa mamamayan na magpatupad ng mga tungkulin sa labanan sa mga lokalidad at pagbibigay ng suporta sa BHB sa anyo ng paniktik at komunikasyon (*"pasa bilis")*, paghahatid ng pagkain at pagbibigay ng pangunang lunas sa mga sugatan at maysakit na NPA sa panahon ng mga taktikal na opensiba o mga operasyong depensiba, pagtulong sa mga yunit ng BHB sa gawaing pagpapalawak at marami pang iba.

Makabuluhang bilang ng mga larangang gerilya ay sumulong at nakapagpalawak sa mga bagong baryo na mas matao, nasa pangunahing linya ng transportasyon at komunikasyon, malapit sa mga sentrong bayan at kahit sa ilang baryo na malakas ang presensya ng mga kontrarebolusyonaryong *private army,* pwersang militar at paramilitar. Humigit-kumulang ay namantini ng mga larangang gerilya ang 40-60 bilang ng saklaw na mga baryo.

Natutuhan nating irekober ang mga eryang pansamantalang naiwan at muling palakasin ang huminang mga bahagi ng armadong kilusang rebolusyonaryo. Pinalakas natin ang pagtutulungan ng malalaki at malalakas na mga larangang gerilya, subrehiyon at rehiyon at nagawa nilang tulungan iyong mas maliliit at mas mahihina sa pamamagitan ng paglilipat ng ilang kadre at armas. Nagtulungan ang lahat ng pwersa natin para mapangibabawan ang mga atake ng kaaway at makasulong sa mas mataas na antas. Nakapagtamo tayo ng mga makabuluhang tagumpay kung kaya't nilalayon nating marating ang tarangkahan ng estratehikong patas sa ilang susunod na taon.

Mula nang nakaraang taon, inatasan natin ang lahat ng

panrehiyong kumand ng BHB na padalasin at paigtingin ang taktikal na mga opensiba para sa sumusunod na mga layunin: 1) maisulong ang digmang bayan mula sa estratehikong depensiba tungo sa estratehikong patas; 2) maipakita ang ngitngit ng mamamayan sa napakasahol na pagkapapet, pagsasamantala, korapsyon at karahasan ng rehimeng US-Aquino at para masuportahan ang mga pakikibakang masa para patalsikin ang rehimen; 3) maipako at gapiin ang mga pwersa ng kaaway sa kinalalagyan nila at nang mapigilan o di maengganyo pang iredeploy sila sa Mindanao.

Mula noong Mayo hanggang Disyembre 2014, lahat ng panrehiyong kumand, kabilang ang kanilang mga panrehiyong yunit gerilya at iba pang pormasyong sentro de grabidad (mga platun), mga sandatahang yunit pampropaganda, mga yunit partisano sa lunsod sa antas rehiyon, subrehiyon/probinsya at larangang gerilya, ay inatasang maglunsad ng mga taktikal na opensiba sa minimum ng isa kada dalawang buwan sa karaniwang panahon, at mas madalas pa kapag kumikilos ang kaaway at pumapasok sa ating mga base at sonang gerilya. Naipatupad ang atas nang may iba't ibang digri ng tagumpay. Sinuportahan ng mga yunit ng milisyang bayan ang maraming operasyon ng mga pultaym na yunit at naglunsad ng sarili nilang mga operasyon ayon sa kanilang kakayahan.

Sa kasalukuyang taong 2015, determinado tayong padalasin ang mga taktikal na opensiba sa ating kampanya ng koordinadong mga opensiba sa pambansang antas sa batayan ng paggampan noong nakaraang taon, gayundin sa batayan ng pagtatamo ng mga rekisitong pang-ideolohiya, pampulitika, pang-organisasyon at pangmilitar. Sa yugtong ito, ang layunin natin ay mabuo ang koordinasyong interrehiyunal ng mga taktikal na opensiba at iba pang pagsisikap. Sa pamamagitan ng mga ito, maiaangat natin ang mga pagsisikap para mapahinog ang sitwasyon sa pagpapatalsik sa rehimeng US-Aquino, lalo pang palakasin ang rebolusyonaryong pwersa at pabilisin ang ating pagsulong tungo sa estratehikong pagkakapatas ng ating digmang bayan.

IV. Ang Mahihigpit na Tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan

Ang mahihigpit na tungkuling nakahanay sa ibaba ay naglalayong tumugon sa mga pangangailangan at kahingian sa kasalukuyang kalagayan. Ngunit lahat ng ito ay alinsunod sa kasalukuyang yugto ng demokratikong rebolusyon ng bayan at sa Programa para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan na pinagtibay ng Partido Komunista ng Pilipinas.

1. Paigtingin ang mga taktikal na opensiba sa pambansang saklaw para mariing ipahayag ang pagtatakwil ng mamamayan sa rehimeng US-Aquino dahil sa anti-nasyunal at anti-demokratikong mga patakaran at aksyon nito, itulak ang pagpapatalsik sa korap, mapandambong at brutal na rehimeng papet, nang sa gayo'y maisulong ang demokratikong rebolusyong bayan, makasulong sa estratehikong patas at mabigo ang pakana ng rehimen na makapagkonsentra sa Silangang Mindanao at gapiin ang BHB doon.

Ang pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ay nangangailangan ng pagpaplano sa iba't ibang antas ng kumand mula pambansa hanggang larangang gerilya. Bawat plano ay sumasaklaw sa pagtatasa ng kalagayan ng kaaway, pagsusuri sa kalikasan at mga layunin ng opensibang militar sa partikular na saklaw, gayundin sa mga kalakasan at kahinaan ng kaaway. Dapat ding gumawa ng pagtatasa sa kalakasan at kahinaan ng ating pwersa. Ilatag ang mga taktika ng kaaway at ang ating kontrataktika sa paglaban sa kanya. Isabotahe ang mga ruta ng operasyon ng kaaway para makalikha ng paborableng sitwasyon para sa taktikal na opensiba, isabotahe ang kanyang mga linya ng komunikasyon, alisan siya ng magagamit na mga giya sa operasyon at iba pang katulad nito. Magtakda ng mga target, oportunidad at gabay para sa iba't ibang antas ng koordinasyon at inisyatiba sa lahat ng antas.

Dapat tayong maghandang mabuti at gumamit ng elemento ng sorpresa para makapaglunsad ng mga opensiba na nakatitiyak tayong maipagtatagumpay. Maglunsad sa pangunahin ng mga opensibang anihilatibo para makakumpiska ng armas at nang madagdagan ang ating sariling armadong lakas at ang mga armadong yunit, at para makapagdulot ng malulubhang pinsala at malalakas na hambalos sa moral ng kaaway. Maglunsad ng mga ambus, reyd at iba pang mga operasyon sa pagdidisarma.

Disarmahan at parusahan ang mga despotikong elemento, mga lumalabag sa karapatang pantao, mga espiya ng kaaway, at ang mga pinuno ng mga sindikato ng droga at gang ng mga kriminal. Disarmahan ang mga gwardya ng mga minahan at kumpanya ng pagtotroso, plantasyon at iba pang empresa na nangangamkam ng lupa, nagkakait sa mamamayan ng ikabubuhay, at nagwawasak sa kapaligiran.

Liban sa mga opensibang anihilatibo, maglunsad rin ng mga aksyon na nagdudulot ng atrisyon sa mga tauhan, lohistika at moral ng kaaway. Magdeploy ng mga snayper, *rocket*, granada at *land mine* laban sa mga komboy ng kaaway at linya ng suplay, liban kung mas mainam na maglunsad ng ambus. Paulit-ulit na iharas ang mga *outpost* o detatsment ng kaaway sa pamamagitan ng paggamit ng mga mortar at pansunog. Isabotahe ang mga *motor pool*, *fuel depot,* imbakan ng suplay at mga *armory* ng kaaway. Sirain ang ilang kagamitan at pasilidad ng mga empresang nangangamkam ng lupa at sumisira sa kapaligiran para mawasak ang mga ito at magkaroon ng dagdag na lupa na mailalaan para sa reporma sa lupa, at mapreserba ang ating mga *mineral ore* para sa pambansang industriyalisasyon sa hinaharap.

Ilagay sa kahandaan ang mga yunit pangkombat ng BHB para sa mga taktikal na opensiba kailanman pumapasok ang kaaway sa ating teritoryo at nagsasagawa ng mga operasyong paniktik, *psywar* at kombat. Kahit nagpapanggap ang mga yunit ng kaaway na mga aktibidad para sa "kapayapaan at kaunlaran " (*peace and development)* ang kanilang mga operasyong paniktik at *psywar*, target pa rin sila ng mga operasyong pangkombat ng BHB. Kapag nasa opensiba ang kaaway, handa siyang labanan ang anumang pwersa ng BHB na madadaanan. Ngunit ang isang kolum o ang isang bahagi ng kanyang pwersang pangkombat ay bukas sa atake ng mga snayper at sa mga *land mine* at kung paborable ang kalagayan ay bukas sa ambus ng nakaripleng yunit. Maaari ring maglunsad ang BHB ng mga opensiba sa relatibong malalambot na target sa labas ng nangyayari na o potensyal na pagkubkob.

Kapag inokupahan ng mga pwersa ng kaaway ang alinman sa ating mga larangang gerilya o sonang gerilya, dapat tayong maging handa na agawin ang inisyatiba at samantalahin ang malalaking patlang sa pagitan ng nakapakat na mga yunit ng kaaway para makontra-kubkob ang isang mahinang yunit ng kaaway at malipol ito. Maaari tayong mang-ambus ng mga patrol ng kaaway at mga tagahatid ng suplay. Maaari ring mangharas ng pinakamaraming posibleng yunit ng kaaway laluna sa gabi, para hindi sila makapagpahinga. Maaaring suriin ang okupasyon ng kaaway ayon sa saklaw, lakas at tagal nito, at pakitunguhan ng kinauukulang antas ng kumand sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba at iba pang maniobra na angkop ang saklaw.

Tulad ng dapat asahan, lahat ng antas ng kumand at lahat ng larangang gerilya ay dapat magpaigting ng kanilang mga opensiba at magdagdag sa kanilang lahatang-panig na lakas para magampanan ang iba pa nilang tungkulin. Kung kaya gamitin ang lahat ng oportunidad para paduguin ang kaaway. Ngunit kapag ang alinmang larangang gerilya ay sumailalim sa konsentradong atake ng kaaway, lahat ng iba pang larangang gerilya ay dapat maging higit na determinadong paigtingin ang kanilang mga opensiba. Kapag ang alinmang rehiyon ay sumailalim sa konsentradong atake, lahat ng iba pang rehiyon sa buong bayan ay dapat maging higit na determinadong paigtingin ang kanilang mga opensiba. Ang pagnipis ng pwersa ng kaaway sa isang lugar ay dapat maging hudyat sa atin na magpaigting ng mga opensiba dahil nagkokonsentra ang kaaway sa ibang lugar laban sa ating mga kasama.

Dapat walang humpay na magpunyagi ang BHB na makasama ang mamamayan na kalahok sa digmang bayan, makontrol ang mga estratehikong lugar sa mahihirap na kalupaan sa interyor at masaklaw ang lahat ng ruta tungo sa lugar kung saan nakahimpil ang kaaway. Kung ang mga pormasyong nakariple ng BHB ay hindi pa kayang kumilos sa ilang lugar gaya ng mga haywey, baybaying dagat, portipikadong baryo, sentrong bayan at syudad, dapat nitong paunlarin ang kakayahang magdeploy ng mga yunit komando, partisanong lunsod at mga yunit isparo (mga tim ng tatlo hanggang limang Pulang mandirigma) para sa mga opensibang mabilisan laban sa ispisipikong mga target. Ang mga operasyon ng gayong mga tipo

ng yunit ay maaaring ihanda ng mga kasamang organisado sa lihim na mga yunit na magbibigay ng wasto, presiso at pinakahuling impormasyon at iba pang suporta.

2. Patuloy na palawakin at konsolidahin ang baseng masa ng BHB sa pamamagitan ng pagsasanib ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, bata at aktibistang pangkultura. Ilunsad ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya nang may papalawak at papalalim na baseng masa. Kasabay nito, dapat isulong ng lokal na mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa ang mga kampanyang masa para sa edukasyong publiko, reporma sa lupa, produksyon, kalusugan at sanitasyon, gawaing pangkultura, *sports*, depensa at pag-aayos ng mga alitan sa hanay ng mamamayan.

Dapat ipatupad ang minimum na programa sa reporma sa lupa hanggang sa maaari nang ipatupad ang maksimum na programa sa reporma sa lupa laban sa despotiko't malalaking panginoong maylupa, una sa mga konsolidadong lugar at sunod sa mas malawak na saklaw. Wasakin ang mga plantasyon na pag-aaring dayuhan at malaking kumprador, mga operasyon sa malakihang pagmimina at pagtotroso, at iba pang empresa na nangangamkam ng lupa at sumisira sa kabuhayan ng mamamayan at sa kapaligiran. Dapat pangunahing sumalig ang Partido sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, kabigin ang mga panggitnang magsasaka, kaibiganin at makipagharap sa mga mayamang magsasaka, samantalahin ang mga kontradiksyon sa pagitan ng naliliwanagan at imbing mga panginoong maylupa para maihiwalay at mawasak ang kapangyarihan ng huli. Bigyan ng espesyal na atensyon ang partisipasyon ng mga pambansang minorya dahil lubha silang inaapi at pinagsasamantalahan at naninirahan sila sa maraming lugar na paborable sa digmang bayan.

3. Patuloy na mahalagang tungkulin ng BHB ang pagpapalawak ng dati nang nakatayong mga larangang gerilya at pagtatayo ng mga bago. Sa pagtatayo ng mga larangang gerilya, dapat isaalang-alang ang mga plano sa pagbubuo ng mga *teatrong gerilya* na sumasaklaw sa 3-5 larangang gerilya na magkakanugnog at/o magkakatalikuran. Iwasan o huwag pagtagalin ang sitwasyon na labis na magkakalayo ang mga nagsosolong larangang gerilya o relatibong magkakapantay ang latag nang walang katalikurang lakaskumpanyang larangang gerilya bilang sentro-de-grabidad. Nagluluwal ang kalagayang ito ng mga bulnerabilidad na masasamantala ng kaaway para konsentrahan ng matagalang pagsalakay ang ating mahihinang bahagi. Batay sa ipinahihintulot ng kalagayan, dapat na paunlarin ang mga larangang gerilya nang makakalapit at mabilis na pagdugtungin ang mga ito para sumaklaw ng mas malawak na erya sa maniubra at labis na makilos na mga operasyong gerilya ng mga yunit ng BHB. Ang mga larangang gerilya ay dapat magpalawak hanggang maabot ang mga baryong makapal ang populasyon, nasa linya ng transportasyon, malapit sa mga sentrong bayan at sa mga baybayin. Makahahalaw tayo ng mga aral mula sa mayaman nating karanasan. Paborable ang mga oportunidad para sa gawaing pagpapalawak.

Nananatiling prayoridad na tungkulin na dapat pagpursigihan ang pagtatayo ng lakaskumpanyang mga larangang gerilya para matamo ang komprehensibong pagsasalimbayan ng ating mga pwersang pultaym na umaasikaso sa mga tungkulin ng pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba, pagkokonsolida ng baseng masa, pagsusulong ng rebolusyong agraryo, pagpapataas ng produksyon ng hukbo at pagpapalawak sa bagong mga erya.

4. Itayo ang Partido sa loob ng BHB at sa mga lokalidad. Ang rekrutment ng mga kasapi ng Partido sa mga batayang yunit ng BHB (mga iskwad at platun) ay mapabibilis dahil naglulunsad ang mga Pulang mandirigma ng pinakamataas na anyo ng pakikibaka, laging magkakasama at nagsasagawa ng rebolusyonaryong pagaaral sa mga panahong namamahinga. Maaaring patuloy na ibase sa platun ang sangay ng Partido.

Kailangang buuin ang mga komite ng Partido sa lokalidad na may sapat na lakas at kakayahang makapagpatuloy sa gawain sa harap ng matinding pananalasa ng kaaway. Itayo ang mga komiteng seksyon at subseksyon na ang bag-as ay nakabase sa lokal na mga yunit ng hukbo o mahigpit na kaug-

nay nito. Ang lokal na mga komiteng ito ng Partido ay katuwang ng BHB sa pangangasiwa at pagmamantini ng mga larangang gerilya. Dapat silang magkaroon ng sapat na mga panabing at magsikap na hindi malantad sa kaaway para makapagpursigi sa gawain kahit sa harap ng matinding operasyon nito. Kung malaki ang peligro ng pagkalantad, hindi dapat magdalawang-isip na sumanib sa pinakamalapit na yunit ng BHB at mag-iwan ng pwersang maaaring magpatuloy ng gawain.

Maitatayo ang lokal na mga sangay ng Partido sa hanay ng mga grupo ng Partido at mga aktibista ng lokal na mga organisasyong masa, mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga yunit ng milisyang bayan sa antas ng baryo.

5. Dapat tayong magpakahusay sa pagkatuto. Maagap na humalaw ng mga aral mula sa positibo at negatibong karanasan at maging mula sa kaaway. Gamitin natin ang mga ito para mapalalim ang ating pagsapol at pag-unawa sa mga prinsipyo ng digmang bayan, mabalangkas ang mga kinakailangang patakaran at gabay, mapabuti ang pagpaplano at maitaas ang ating kakayahan sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya.

Dapat maging maagap sa pagdadaos ng pana-panahon at espesyal na pulong sa paggawa at pag-aaral. Paghandaan ang mga ito nang mahusay sa pamamagitan ng nauna nang pag-aaral sa mga ulat at materyales para maging maiksi ngunit malaman ang mga pulong, hindi masyadong mabigat sa lohistika at masisiguro ang seguridad, at hindi nakatatawag pansin sa kaaway kahit malaki ang bilang ng mga kalahok o dami ng suplay na ipapasok sa pagdadausan. Maaaring suplimentuhan ang mga pulong ng maiikling konsultasyon bago at pagkatapos ng mga ito para maiwasan ang akumulasyon ng mga usapin at para makapaglaan ng mas maraming panahon sa gawaing masa. Hindi dapat magdaos ng mga pulong na lalampas sa ilang araw, laluna kapag malapit lamang ang kaaway.

6. Magpatupad ng mga kurso sa pagsasanay pulitiko-militar para sa mga bagong rekrut ng BHB at para maitaas ang kaalaman, teknikal na antas at kasanayan ng mga kumander at yunit ng BHB. Ang batayang pagsasanay ng mga bagong rekrut ay magagawa ng yunit na nagrerekrut gayundin sa pamamagitan ng mga pagsasanay na tinatawag ng mas nakatataas na kumand para matiyak ang kinakailangang disiplina at kasanayan ng mga Pulang mandirigma. Tiyakin ang tuluy-tuloy at papataas na antas ng pagsasanay pulitiko-militar. Ang mga nakatataas na kumand hanggang sa antas ng Pambansang Kumand sa Operasyon ay magsagawa ng mga kurso para sa mga kumander at yunit para maiangat ang mga kaalaman at kasanayan.

Bigyan ng saligang kaalaman sa teoryang militar, mga prinsipyo ng digmang bayan, pakikidigmang gerilya, demokratikong rebolusyong bayan at mga alituntunin at regulasyon ng BHB ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma.

7. Paunlarin ang kabuuang sistema ng kumand sa bawat antas sa ilalim ng Pambansang Kumand sa Operasyon (National Operational Command o NOC). Sa direksyon ng Partido, dapat mag-isyu ang NOC ng mga gabay at kautusan para pataasin ang antas ng digmang bayan sa pambansang saklaw, ikoordina ang mga panrehiyong kumand sa operasyon (mga Regional Operational Command o ROC) at ibunsod ang higit na pagpapalakas ng mga ROC, sa paraang tinutulungan ng mas malalakas na ROC ang mas mahihina sa pamamagitan ng paglilipat ng mga kadre at kagamitan. Dapat gabayan ng mga ROC ang pagpapalakas at koordinasyon ng mga subrehiyunal (interlarangan o probinsyal) na kumand at kumand ng mga larangang gerilya.

Patuloy na buuin at palakasin ang mga yunit ng BHB sa lahat ng antas. Dapat tiyakin ang balanse sa pagitan ng, sa isang banda, mga bertikal na pwersa na tumatayong mga sentro-de-grabidad sa antas rehiyon, subrehiyon/probinsya na lakas-platun hanggang lakas-kumpanya, at sa kabilang banda, ang higit na maraming horisontal na pwersang teritoryal na binubuo ng platung SDG o sentro de grabidad, mga platung SYP at maging semi-legal na mga yunit sa antas ng larangang gerilya.

Paunlarin ang makinarya ng BHB sa mga gawaing istap gaya ng sa tauhan at pagsasanay, paniktik, operasyon, pinansya at lohistika, ordnans, medikal, at komunikasyon upang matugunan ang kinakailangang mga rekisito para sa iba't ibang gawain ng BHB. Patuloy na bigyang pansin ang pagtatayo at pagsasanay ng mga milisyang bayan.

8. Dapat tayong maging laging alerto at di kailanman maging kampante. Naiproklama na natin ang pagkabigo ng Oplan Bayanihan ngunit dapat tayong magmatyag sa lahat ng aspeto nito ukol sa *psywar*, paniktik at kombat. Sa pagtatapos ng bawat mataagumpay na taktikal na opensiba, lalo pa tayong dapat maging alerto dahil iyan ang panahong gustung-gusto ng kaaway na makaganti at mahuli tayong kampante habang ipinagdiriwang natin ang tagumpay.

Dapat tayong gumamit at magpakabihasa sa bagong teknolohiya para sa edukasyon, komunikasyon at pag-iimbak ng impormasyon. Alamin at pangibabawan ang mga kapahamakang maaaring idulot ng paggamit sa ganitong bagong teknolohiya. Walang kasangkapan o sandata na hindi nagtataglay ng magkakatunggaling mga aspeto at posibilidad. Ang mahalaga ay ang pagmaster sa paggamit ng kasangkapan o sandata para sa kapakanan ng rebolusyon at ng mamamayan sa pamamagitan ng aplikasyon ng diyalektika.

May mga insidente ng impiltrasyon ng kaaway na ating nadiskubre at nasawata. Ang mga nagsurender at ang masasamang elemento sa mga lokalidad ang kadalasang inirerekrut AFP at PNP para maging *asset* sa paniktik at *deep penetration agent* o *action agent* para isagawa ang asasinasyon ng namumunong mga kadre ng Partido at ng BHB bilang bahagi ng "*kampanya sa pagpugot ng ulo"* ng kaaway o para sa pagpapasa ng taktikal na impormasyon ukol sa kilos at mga aktibidad ng pamunuan ng Partido at BHB sa layuning malaking makapaminsala. Dapat tayong manatiling matapang at mapangahas sa pagtupad ng ating mga tungkuling pampulitika, pang-organisasyon at pangmilitar, habang laging nagiging mapagmatyag at hindi nagpapapasok ng sinumang di kanaisnais.

9. Isulong ang pampulitikang paglalansag sa pwersang militar at paramilitar ng kaaway sa anumang antas. Hikayatin ang pagbubuo ng mga patriyotikong grupo sa kanilang hanay laluna sa harap ng garapal na pagpapakapapet ng rehimeng Aquino sa imperyalismong US. Himukin ang mga pamilya ng pwersang militar, pulisya at paramilitar na naninirahan sa kanayunan, laluna iyong hindi naman sagadsarin, na lumahok sa mga pakikibakang antipyudal at hayaan silang makinabang sa mga benipisyo mula rito. Ipatupad ang mga patakaran ng Partido at BHB sa makataong pakikitungo sa mga bihag ng digma (*prisoners-of-war* o POW) at sa mga sundalong nasusugatan sa mga labanan at wala na sa katayuang lumaban. Sa pamamagitan ng matiyagang pagmumulat at pagpoproganda sa kanilang hanay ay hikayatin silang bumaklas sa reaksyunaryong militar, magpasa ng impormasyon, magbigay ng mga kagamitang militar, huwag maging marahas sa masa at huwag lumabag sa kanilang mga karapatang pantao, makitungo nang mabuti sa mga bilanggong pulitikal at gumawa ng iba pang aksyong makakayanan na kapaki-pakinabang sa mamamayan at sa rebolusyon.

Sa kabilang banda, magbigay ng sapat na atensyon para mapigilan at makontra ang diumanong kampanyang *"social pressure"* ng kaaway na humahatak sa mga Pulang mandirigma para bumaba o papanghinain ang kanilang rebolusyonaryong kapasyahan at pigilan ang kabataan na lumahok sa armadong rebolusyon sa pamamagitan ng mga pagbabanta, panunuhol at iba pang uri ng panlilinlang sa kanilang mga pamilya.

10. Aktibo na ang imperyalismong US sa panghihimasok militar sa Pilipinas. Ginagabayan, tinuturuan at sinasanay ng mga opisyal militar at pulisya ng US ang mga opisyal at *enlisted personnel* ng AFP at PNP, nangongolekta at nagbibigay sa kanila ng paniktik, nagbibigay ng mga kagamitan at nag-iisyu ng mga *mission order* sa pamamagitan ng hindi bababa sa punong papet na si Aquino bilang *commander-in-chief* at iba pang nakababababang papet na mga opisyal. Nailatag na ang kundisyon para sa pagpasok ng mga pwersang militar ng US sa pamamagitan ng Visiting Forces Agreement at para sa matagalan nilang pagbabase sa Pilipinas sa pamamagitan ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. Dapat puspusang maghanda ang malawak na masa ng mamamayang Pilipino at lahat ng rebolusyonaryong pwersa laban sa tumitinding panghihimasok militar at posibleng digmang agresyon ng US. ###